PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagkakataon na maparangalan Siya sa pamamagitan ng pamumuhay ng tapat. Hingin na ang pananalita mo at ang mga nasa kalooban mo ay maging katanggap-tanggap sa Kanya.
- Hingin sa Diyos ang kakayahan at biyaya na laging makapagsalita nang may katotohanan, at na matupad mo ang mga pangakong ibinigay mo.
- Ipanalangin na maipakita mo ang pamantayan ng Diyos tungkol sa katotohanan sa iyong mga kapamilya at kaibigan. Ipanalangin na ang pamumuhay nang may katapatan ay magbibigay sa iyo ng mga pagkakataon na maibahagi sa kanila ang ebanghelyo.

NOTES

VICTORY

© 2017 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph

Pagsasabi ng Totoo

WARM-UP

- Ibahagi ang isang bagay na kadalasang sinasabi ng ibang tao na kakaiba tungkol sa iyo.
- Ano ang isang kaugalian na sinusubukan mong palaging gawin (hal. pagiging maaga o nasa oras)?
- Balikan ang isang pagkakataon na hindi tumupad sa kanyang pangako ang isang kaibigan. Ano ang naramdaman mo?

WORD

33"Narinig din ninyo na sinabi noong una sa ating mga ninuno, 'Kapag ang tao ay nangako at nanumpa pa sa pangalan ng Panginoon, kailangang tuparin niya ito.' 34Ngunit sinasabi ko sa inyo na kung mangangako kayo, huwag kayong susumpa. . . . 37Sabihin mo na lang na 'Oo' kung oo, at 'Hindi' kung hindi; dahil kung manunumpa pa kayo, galing na iyan sa diyablo."

MATEO 5:33,34,37

Sinabi sa Kasulatan ni Moises na, kung tayo ay *gagawa ng panata sa Panginoon na gagawin natin o hindi ang isang bagay, kailangang tuparin lahat ng ating sinabi* (Mga Bilang 30:2). Ngunit, binigyan ito ni Jesus ng bagong pakahulugan sa pagsabing, *Sabihin mo na lang na 'Oo' kung oo, at 'Hindi' kung hindi*. Hindi natin kailangang manumpa dahil ang ating integridad bilang mga disipulo ni Jesus ay dapat na ganap upang maging ang kapwa natin ay maka-alam na mapagkakatiwalaan nila ang ating mga sinasabi. Sa totoo lang, *mananagot ang bawat isa sa mga walang kuwentang salitang binitiwan* natin (Mateo 12:36). Sa araling ito, ating matututunan na magsalita ng tapat, tuparin ang ating mga sinabi, at parangalan ang Diyos sa lahat ng sasabihin at gagawin natin.

1 Magsalita ng Tapat.

[33]"Narinig din ninyo na sinabi noong una sa ating mga ninuno, 'Kapag ang tao ay nangako at nanumpa pa sa pangalan ng Panginoon, kailangang tuparin niya ito.' [34]Ngunit sinasabi ko sa inyo na kung mangangako kayo, huwag kayong susumpa. . . ."
MATEO 5:33,34

Sa ating lipunan, kailangan nating "manumpa" o magbigay ng malinaw na pangako na totoo ang sinasabi natin, upang tayo ay seryosohin. Subalit, sinabi ni Jesus na kapag ang Kanyang mga disipulo ay nagsasalita, ang panunumpa ay hindi kailangan. Ang sinasabi natin ay dapat na katotohanan lamang at ang mga sinasabi natin ay dapat na mapagkakatiwalaan. Dahil dito, mapapansin ng iba na lagi tayong nagsasabi ng totoo. Ayon sa Mga Taga-Filipos 4:8, ano ang dapat nating isaisip? Sa palagay mo, bakit ang katotohanan ang unang sinabi ni Apostol Pablo?

2 Tuparin ang ating Salita.

"Sabihin mo na lang na 'Oo' kung oo, at 'Hindi' kung hindi; dahil kung manunumpa pa kayo, galing na iyan sa diyablo."
MATEO 5:37

Dahil tapat tayo sa ating mga salita, dapat ito makita sa ating mga gawa. Wala dapat ikatakot sa pagbibigay ng pangako. Hindi rin ito dapat maging dahilan ng paggawa ng bagay na maaaring mali. Sa halip, dapat itong makatulong sa atin upang maging maingat sa mga salitang binibitiwan natin, at mas lalo pang umasa sa kakayahan ng Diyos na tulungan tayong tuparin ang mga pangako natin. Ano ang ibig sabihin ng pagpigil sa ating dila (Mga Kawikaan 10:19)?

3 Parangalan ang Diyos.

Sana'y maging kalugod-lugod sa inyo Panginoon ang aking iniisip at sinasabi. Kayo ang aking bato na kanlungan at Tagapagligtas! **SALMO 19:14**

Sinabi ni David na ang mga alituntunin at utos ng Diyos ay *walang kamalian, mapagkakatiwalaan, tama, malinaw, at nagpapadalisay ng puso* (Salmo 19:7-9). Sa huli, sinabi Niya na, *Sana'y maging kalugod-lugod sa Inyo Panginoon ang aking iniisip at sinasabi.* Kung pinag-iisipan at pinagninilay-nilayan natin ang Kanyang Salita at namumuhay tayo nang may integridad, pinararangalan natin Siya. Ibahagi ang isang panahon na pinarangalan mo ang Diyos sa pamamagitan ng pagsasabi ng katotohanan at pagtupad sa iyong binitawang salita, kahit na nakaka-ilang o mahirap itong gawin.

APPLICATION

- Matapat ka ba sa pakikipag-usap mo sa iba? Ano ang isang bagay na maaari mong gawin simula ngayon upang mas maging matapat sa pananalita mo?
- Kung ikaw ay gumagawa ng isang pangako o kaya ay kasunduan, maingat ka ba sa pagtupad nito? Paano mo maiaayon ang sarili mo sa pamantayan ng Diyos sa pamamagitan ng pagtupad ng iyong mga ipinangako ngayong linggo?
- Paano ka lalago sa pagka-unawa mo sa kahalagahan ng pamumuhay nang matapat sa Diyos at sa mga nais mong bahaginan ng ebanghelyo? Ano ang isang bagay na gagawin mo upang lumago ngayong linggo?